

Iniksiyon para sa Pneumonia: Alamin ang totoo!

1. *“Kung ang mga taong nakapaligid sa akin ay walang sakit, hindi ako mahahawa ng pneumonia.”* **Mali!**
Puwedeng magdala ng pneumonia kahit ang mga taong walang sakit. Kung nakikisalamuha ka sa mga tao, **puwede kang magka-pneumonia!**

2. *“Magkakasakit ka kapag nagpabakuna ka.”* **Mali!**

Ang bakunang ito ay naglalaman lang ng di-aktibong mga bacteria.

Hindi ka magkakasakit dahil sa bakuna.

3. *“Masakit at magkakasakit ka sa bakuna.”*

Mali!

Makakaramdam ka ng kaunting kirot. Puwede mamaga o medyo sumakit at sinatin ka pagkatapos. **Karamihan ng tao ay walang anumang reaksiyon.**



Karagdagang Resources

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna sa pneumonia, bisitahin ang mga resources na ito:

DDS SafetyNet Packet and Brochures:

<http://ddssafety.net/health/preventive-health/fighting-flu-and-pneumonia>

Centers for Disease Control and Prevention:

<http://www.cdc.gov/pneumococcal/vaccination.html>

Protectahan ang mga taong iyong sinusuportahan at minamahal —siguruhing mabakunahan sila para sa pneumonia ngayon!

Labanan ang Pneumonia!

**Magpabakuna Ka
NGAYON!**



CALIFORNIA DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES



DDS SafetyNet

For Health, Safety, and a Better Life

Ano ang mga bakuna Sa pneumonia?

- Ang pneumonia ay isang delikadong sakit sanhi ito ng bacteria na tinatawag na "pneumococcus".
- Maraming tao ang namamatay taun-taon dahil sa pneumonia.
- Maaari mong iwasan ang pneumonia at protektahan ang iyong sarili mula sa pneumococcus sa pamamagitan ng pagpapabakuna.
- Kailangan mo ng 1-2 bakuna: PCV13 at PPSV23.

Sino ang Nangangailangan ng Bakuna

Ang mga adultong 65 at mas matanda at mga adultong 19-64 na may di-gumagaling na sakit ang nangangailangan ng mga bakuna: PCV13 at ang PPSV23.

Sino ang hindi puwedeng magpabakuba

Ang mga taong nagkaroon ng pangit na reaksyon sa mga bakunang ito dati o may alerdyi. (Itanong sa iyong doktor.)



Kailan Dapat Magpabakuna

- Magpabakuna muna ng PCV13, sundan ng PPSV23 pagkatapos ng 6 hanggang 12 buwan.
- Kung ang isang adulto ay nabakunahan na ng PPSV23, siya ay dapat na bakunahan ng PCV13 pagkalipas ng isang taon o higit pa.
- Isang beses lang magpainiksyon bawat dosis. Sa oras na ang isang tao ay mabakunahan ng PCV13 at ng PPSV23, panghabang-buhay na ito!

Ano ang dapat asahan

- Hindi ka magkakasakit dahil sa bakunan sa pneumonia.
- Makakaramdam ka ng bahagyang kirot sa iyong braso.
- Ang ilan ay nakakaranas ng kaunting side effect, pero karamihan ay walang anumang nararamdamang reaksyon!

Saan Pupunta

Para makapag-pabakuna para sa pneumonia, magtanong sa:

- Iyong doktor
- County health department
- Parmasya (gaya ng Walgreens o CVS)
- Sa grocery store (gaya ng Safeway, Target, Vons, Costco, o Walmart)

Pumunta sa <http://vaccine.healthmap.org/>

para matagpuan ang pinakamalapit na nagbabakuna sa lugar ninyo!

Paano makapagpa-iskedyul ng bakuna sa pneumonia?

- Tumawag sa county health department, lokal na botika, o grocery store para malaman kung kailan ka puwedeng magpabakuna.
- Magpa-appointment sa opisina ng iyong doctor.

Sino pa ang puwede kong tawagan para sa impormasyon?

- Tawagan ang coordinator ng serbisyo ng regional center at magtanong kung saan ka puwedeng magpabakuna.
- Magtanong sa iyong insurance para malaman kung covered ng iyong plan ang bakuna para sa pneumonia.

